4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan- Modyul 2: Linggo 3: Ang Relatibong Lokasyon ng Pilipinas

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



## *Alamin*

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang gawin ang sumusunod:

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Makikilala ang globo bilang modelo ng mundo
2. Makikilala ang Pilipinas bilang bahagi ng mundo
3. Matutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas batay sa mga nakapaligid dito at mga katubigang nakapligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksiyon
4. Matutukoy sa mapa ang kinalalagyan ng bansa sa rehiyong Asya at sa mundo.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagsasanay at pagtataya.
- Sagutin ang lahat na pagsasanay at pagtataya.



## *Subukin*

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali.

____ 1. Ang globo ay isang representasyon o modelo ng mundo.

____ 2. Mayroong limang pangunahing direksiyon.

____ 3. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa rehiyong Timog Silangang Asya sa kontinente o lupalop ng Asya.

____ 4. Kapag nakaharap ka sa mapa, ang direksiyon sa itaas ay ang timog.

____ 5. Dagat Celebes ang anyong tubig na nasa timog na bahagi ng Pilipinas.

____ 6. Ang direksiyon ng Vietnam mula sa Pilipinas ay nasa gawing Kanluran.

____ 7. Ang pangunahing gamit ng mapa ay ipakita ang eksaktong lokasyon ng isang lugar.

____ 8. Ang relatibong lokasyon o kaugnay na kinalalagyan ng bansa ay ang direksiyon o lokasyon ng isang lugar batay sa kinalalagyan ng mga katabi o kalapit nitong lugar.

____ 9. Ang Asya ang pinakamalaking kontinente o lupalop sa buong daigdig.

____ 10. Ang Karagatang Pasipiko ay nasa silangang bahagi ng Pilipinas.

| Aralin 2 | Kinalalagyan ng Bansa |
|---|---|

Natutuhan mo na may sariling teritoryo ang Pilipinas na mahalaga sa pagtugon ng pamahalaan sa mga pangangailangan ng mga tao at pagpapanatili ng kalayaan ng bansa.

Bilang isang Pilipino, mahalagang matukoy mo ang lokasyon ng Pilipinas sa Asya at sa mundo batay sa mga nakapaligid na mga bansa at anyong tubig dito. Magagamit mo sa pagtukoy ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon na natutuhan mo noong ikaw ay nasa Ikatlong Baitang.

Source: Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral Pahina 8



## *Balikan*

Ihanda ang iyong sarili. Subukan mong sagutin ang sumusunod na mga tanong.


**Panuto:**. Basahin ang bawat tanong at kunin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong activity notebook.


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Amerika | 7,107 | lupa | tubig | Globo |
| Pilipinas | Hilaga | Timog | Kanluran | Silangan |

1. Sa anong bansa ka nabibilang? _____________________
2. Ano ang tawag sa isang representasyon o modelo ng mundo na nakakatulong sa paghahanap ng lokasyon sa isang lugar? _______________________
3. Anu-ano ang apat na pangunahing direksiyon: __________, ________________, _________________, _______________
4. Ano ang dalawang bahagi ng mundo? _______ at _______
5. Ilang pulo ang bumubuo ng bansang Pilipinas? __________

## *Tuklasin*

**Panuto:** Tukuyin ang mga kinaroroonan ng mga bagay na nasa loob ng silid-aralan ayon sa pangunahing direksiyon na nasa ibaba.






https://www.google.com/search?q=chalkboard++in+public+domain&tbm=isch&ved=2ahUKEwi207Hv38HqAhWFy4sBHd6TDCkQ2cCegQIABAA&oq=chalkboard++in+public+domain&gs_lcp=CgNpbWcQAzoGCAAQBxAeOggIABAHEAUQHjoICAAQCBAHEB5QpzxYo2Zg9nBoAHAAeACAAZ8CiAGeH5IBBDItMTeYAQCgAQGgAQtnd3Mtd2l6LWltZw&sclient=img&ei=UuEHX7biO4WXr7wP3qeyyAI&bih=657&biw=1366

https://www.google.com/search?q=jalousie+window+in+public+domain&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=mfyD9lxi_HC7GM%252CRvtVyAlzztzVnM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kRayG8KzVeuVYwGJeLhobNkyDCfYA&sa=X&ved=2ahUKEwiLoI-x-cHqAhVIE4gKHQvmDf0Q9QEwAXoECAkQBw&biw=1366&bih=657#imgrc=mfyD9lxi_HC7GM

https://wwwgoogle.com/search?q=teachers+table++in+public+domain&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiEgvy04sHqAhWWHHAKHWrxBpkQ_AUoAXoECAoQAw&biw=1366&bih=608#imgrc=QiRKcl1ZCTxdMM

https://www.google.com/search?q=classroomdoorin+public+domain&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiKy9WO5sHqAhVhw4sBHeS0D40Q_AUoAXoECAwQAw&biw=1366&bih=657#imgrc=jJGZw1rWEEZewM

Mga tanong:

1. Mula sa gitna ng silid-aralan, ano ang makikita sa gawing Hilaga? ________ Silangan? _________? Timog? _________ Kanluran ?___________

2. Bakit mahalagang malaman ang kinaroroonan ng lokasyon ng isang bagay?

_______________________________________________________

Mapag-aralan natin ang kinalalagyan o relatibong lokasyon ng Pilipinas sa susunod na pahina.



## *Suriin*


Tingnan ang mapa sa ibaba. Pansinin ang nakaitim na kulay sa mapa ito ang Pilipinas.




Ito ang mapa ng Timog- Silangang Asya na kinabibilangan ng Pilipinas. Ang mapa ay patag na representasyon ng mundo. Mayroon ding iba pang modelo ng mundo na tinatawag itong globo. Ang globo ay isang modelo ng mundo na may *imaginary lines* at ginagamit ito upang malaman ang mga anyo, hugis at lawak ng mga kontinente, mga karagatan at mga bansa sa mundo. Makatutulong rin sa paghahanap ng lokasyon ng isang lugar at sa pagtukoy ng kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo. Saang bahagi ng mundo matatagpuan ang Pilipinas? Ano-ano ang nakapaligid sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangunahing direksiyon? Ano-ano ang pumapalibot sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangalawang direksiyon?

Ang Pilipinas ay matatagpuan sa rehiyong Timog-Silangang Asya at ikalawang pinakamalaking kapuluang sa gawing itaas ng ekwador. Ang pinakamalaking kontinente o lupalop sa buong daigdig ay ang Asya. Ang Pilipinas ay tinagurian bilang “Pintuan ng Asya’’ dahil sa kinalalagyan nito sa Pasipiko at bilang bahagi ng kontinente at lupalop ng Asya. Nasa pagitan ito ng latitud na 4°-21° hilagang latitud at 116°-127° silangang longhitud.


Ito ang mga bansang nakapaligid sa Pilipinas. Ang Taiwan, China, at Japan sa hilaga; ang Micronesiaat Marianas sa silangan Brunei at Indonesia sa timog; at ang Vietnam, Laos, Cambodia, at Thailand sa kanluran.




Pilipinas

https://www.google.com/search?q=map+of+the+world+timog+silangang+asya+in+public+domain&tbm=isch&ved=2ahUKEwi6nO7Gq5nqAhVHWpQKHc7UCb4Q2cCegQIABAA&oq=map+of+the+world+timog+silangang+asya+in+public+domain&gs_lcp=CgNpbWcQA1CAmQNY2uUDYIXpA2gBcAB4AIABcogBgRGSAQQxMy45mAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWc&sclient=img&ei=wbHyXvq3Mce00QTOqafwCw&bih=657&biw=1366#imgrc=dBlPeRsdqguLdM

Ang kinalalagyan ng Pilipinas ay maaaring matutukoy rin batay sa kaugnay kinalalagyan nito. Ang *relatibong lokasyon* o *kaugnay na kinalalagyan ng bansa* ay ang lokasyon ng isang lugar ayon sa kinalalagyan ng mga katabi o kalapit nitong lugar.




Ang Pilipinas ay napapaligiran din ng mga sumusunod na nakasulat sa *table* kung *pangunahing direksiyon* ang pagbabatayaan.

| **Pangunahing Direksiyon** | **Mga Katabing Bansa** | **Anyong Tubig** |
|---|---|---|
| Hilaga | Taiwan | Bashi Channel |
| Silangan | | Karagatang Pasipiko |
| Timog | Indonesia | Dagat Celebes at Dagat Sulu |
| Kanluran | Vietnam | Dagat Kanlurang Pilipinas o dating Timog China |

Ang mga *pangalawang direksiyon* naman *ay* sa pagitan ng mga pangunahing direksiyon. Kung natatandaan mo pa, ito ang Hilagang-Silangan, Timog-Silangan, Hilagang –Kanluran, at Timog -Kanluran.

Ang kinalalagyan ng Pilipinas ay matutukoy rin kung pagbabatayan ang pangalawang direksiyon. Ito ay napapaligiran ng Dagat ng Pilipinas sa hilagang-silangan, mga isla ng Palau sa timog-silangan, mga isla ng Paracel sa hilagang-kanluran at Borneo sa timog-kanluran nito.



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Batay sa iyong napag-aralan, tingnan ko kung nauunawaan mo ba nag araling iyong binasa. Sagutin ang mga tanong sa ibaba, piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

| | |
|---|---|
| Isla ng Palau | Taiwan |
| Isla ng Paracel | Vietnam |
| Bashi Channel | Indonesia |
| Dagat Celebes | Borneo |
| Karagatang Pasipiko | Asya |
| Timog-silangang Asya | relatibong lokasyon |
| Dagat Kanlurang Pilipinas | |

1. Ano ang ibig sabihin ng kaugnay na kinalalagyan? ________________________________

2. Ano-ano ang pumapalibot na anyong tubig at mga katabing bansa? Mga anyong tubig: ____________
   ____________, ______________, _____________
   Mga katabing bansa: ___________, ____________
   ______________________, ____________________

3. Ano-ano ang mga lugar pumapalibot sa Pilipinas kung pagbabatayan ang mga pangalawang direksiyon? _____________, ________________

4. Saang bahagi ng Asya matatagpuan ang Pilipinas?
   ____________________


5. Ano ang pinakamalaking kontinente o lupalop sa buong daigdig? __________

## *Isaisip*


Panuto: Ang sunod na gawain ay pag-aralan ang mapa. Ano-ang ang makikita sa paligid ng Pilipinas ayon sa mga pangunahing direksiyon? sa mga pangalawang direksiyon ? Isulat ang iyong sagot gamit ang diyagram.




**A. Mga Pangunahing Direksiyon**




**B. Mga Pangalawang Direksiyon**





## *Isagawa*

**Panuto:** Piliin ang sagot na nasa table, isulat sa loob ng biluhaba ang mga lugar , ayon sa pangunahin at pangalawang direksiyon nito.




| Lugar | Lokasyon |
|---|---|
| Taiwan | Hilaga |
| Karagatang Pasipiko | Silangan |
| Indonesia | Timog |
| Vietnam | Kanluran |
| Dagat ng Pilipinas | Hilagang-Silangan |
| Isla ng Palau | Timog-Silangan |
| Isla ng Paracel | Hilagang-Kanluran |
| Borneo | Timog-Kanluran |



## *Tayahin*

Gawain A:

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **H** kung sa gawing hilaga, **S** kung sa silangan, **T** kung sa timog, at **K** kung sa kanluran ng Pilipinas makikita ang mga nasa ibaba.

____ 1. Dagat Celebes

____ 2. Vietnam

____ 3. Indonesia

____ 4. Bashi Channel

____ 5. Japan

Gawain B: Piliin ang tamang sagot ng mga tanong sa ibaba sa kahon at isulat sa patlang ang titik ng wastong sagot.

| | |
|---|---|
| A. Globo | D. Karagatang Pasipiko |
| B. Pilipinas | E. relatibong lokasyon |
| C. Timog-silangang Asya | F. Estados Unidos |

____ 1. modelo ng mundo.

____ 2. kaugnay na kinalalagyan ng bansa

____ 3. anyong tubig sa silangang bahagi ng Pilipinas

____4. rehiyon ng mundo na na matatagpuan ang Pilipinas

____ 5. pintuan ng Asya

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sa ibaba ay ipinapakita ang mapa ng bansang Pilipinas. Isulat ang mga lugar o bansa na nakapaligid sa Pilipinas batay sa bawat pangalawang direksiyon.

1. Hilagang-Silangan-
2. Timog-Silangan-
3. Hilagang-Kanluran-
4. Timog-Kanluran-



## Susi sa Pagwawasto

| Subukin |
|---|
| 1. T |
| 2.M |
| 3.T |
| 4.M |
| 5.T |
| 6.T |
| 7.T |
| 8.T |
| 9.T |
| 10.T |

| Balikan |
|---|
| 1. Pilipinas |
| 2.Globo |
| 3. Hilaga, Timog, Silangan Kanluran |
| 4. Lupa at Tubig |
| 5. 7,107 |

| Tuklasin |
|---|
| Maaaring Sagot: |
| 1. Hilaga- Pisara<br>Timog- Mesa<br>Silangan- Pintuan<br>Kanluran- Bintana |
| 2. Upang matiyak ang tunay na kinalalagyan ng mga bagay o lugar Maaaring tanggapin din ang ibang sagot ng mga mag-aaral. |

| Suriin |
|---|
| Binilugan ang buong mapa ng Pilipinas |
| May Kahon ang mga Katubigan:Bashi Channel Karagatang Pasipiko,Dagat Celebes,Dagat Kanlurang Pilipinas o Dagat Timog Tsina |
| May tsek(/) Taiwan, Indonesia, China, Vietnam, Laos, Cambodia ,Brunei, Thailland |

| Pagyamanin |
|---|
| 1. relatibong lokasyon |
| 2.Anyong Tubig:Bashi Channel, Karagatang Pasipiko, Dagat Celebes, Dagat Kanlurang Pilipinas<br>Nakapaligid na Bansa:<br>Taiwan, Indonesia, Vietnam |
| 3. Dagat ng Pilipinas, Isla ng Palau, Isla ng Paracel, Borneo |
| 4. Timog –silangang Asya |
| 5. Asya |

| Isaisip |
|---|
| A.Hilaga- Taiwan |
| Timog-Dagat Celebes |
| Silangan-Karagatang Pasipiko |
| Kanluran-Dagat Kanlurang Pilipinas |
| B.HS- Dagat Pilipinas |
| TS-Isla ng Palau |
| HK- Isla ng Paracel |
| TK-Borneo |

| Karagdagang Gawain |
| --- |
| 1.HS- Dagat Pilipinas |
| 2. TS-Isla ng Palau |
| 3. HK- Isla ng Paracel |
| 4. TK-Borneo |

| Tayahin | |
| --- | --- |
| A. 1. T | B. 1.A |
| 2. K | 2. E |
| 3. T | 3. D |
| 4. H | 4. C |
| 5.H | 5. B |

| Isagawa |
| --- |
| 1. Taiwan |
| 2. Indonesia |
| 3. Vietnam |
| 4. Karagatang Pasipiko |
| 5. Isla ng Paracel |
| 6. Dagat ng Pilipinas |
| 7.Borneo |
| 8. Isla ng Palau |